

Pagsusuri sa Paningin at Pandinig ng ESIT:

Isang Gabay sa Pamilya sa May Tatlong Sulok na Pamamaraan

Walang bata ang napakabata para masuri ang kanilang paningin at pandinig.

Bakit dapat suriin ang paningin at pandinig?

Ang paningin at pandinig ay mahalagang paraan ng pagkatuto ng mga bata sa kanilang mundo. Ang maagang paghahanap ng mga alalahanin sa pandinig at paningin ay makakatulong sa anak mo na umunlad. Makukuha mo ang tulong na kailangan mo, sa simula pa lang.

Ano ang Tatlong Sulok na Pamamaraan?

Ang Tatlong Sulok na Pamamaraan ay kung paano ang iyong ESIT (Early Support for Infants and Toddlers (Maagang Suporta para sa mga Sanggol at Bata)) provider ay titingnan ang mga alalahanin tungkol sa paningin at pandinig ng iyong anak. Ito ay hindi pormal na pagsubok at hindi dapat pumalit sa isang buong pagsusuri mula sa isang doktor sa tainga o mata. Ang Tatlong Sulok na Pamamaraan ay tutulong sa amin na malaman kung ang anak mo ay nangangailangan ng buong pagsusuri sa paningin o pandinig.

Ano ang nangyayari sa panahon ng Tatlong Sulok na Pamamaraan?

Ang iyong ESIT provider ay:

- Makikipag-usap sa iyo tungkol sa mga alalahanin na posibleng mayroon ka tungkol sa kung paano nakakakita at nakakarinig ang iyong anak.
- Panoorin kung paano ginagamit ng anak mo ang kanilang paningin at pandinig habang sila ay naglalaro at gumagawa ng mga pang-araw-araw na gawain.
- Tingnan ang mga medikal na rekord ng iyong anak. Tatanungin ka nila tungkol sa sinabi sa iyo ng doktor mo tungkol sa kalusugan at paglaki ng iyong anak.

Ano ang mangyayari pagkatapos ng Tatlong Sulok na Pamamaraan?

Kung mayroong anumang alalahanin tungkol sa kung paano nakakakita o nakakarinig ang iyong anak, ikaw at ang iyong ESIT provider ay gagawa ng isang follow-up na plano. Maaaring kasama sa planong ito ang pagsusuri ng mga medikal na provider at/o espesyal na pagtuturo ng isang ESIT provider.

Magkano ito?

Walang gastos sa iyo. Ang Tatlong Sulok na Pamamaraan na ito ay bahagi ng libreng proseso ng pagsusuri ng ESIT.

Marami pang tanong?

Kami ay nakatuon sa pagsuporta sa iyo para matulungan ang iyong anak na lumaki. Kung mayroon kang anumang tanong, paki-tanong ang iyong ESIT provider.

Ang DCYF ay hindi nagdidiskrimina at nagbibigay ng pantay na pag-access sa mga programa at serbisyo nito para sa lahat ng tao nang walang konsiderasyon sa lahi, kulay, kasarian, relihiyon, paniniwala, katayuan sa pag-aasawa, bansang pinagmulan, oryentasyong sekswal, edad, katayuan bilang beteterano, o pagkakaroon ng anumang pisikal, pandama, o kapansanan sa pag-iisip.

Kung gusto mo ng mga libreng kopya ng publikasyong ito sa isang alternatibong format o wika, mangyaring makipag-ugnayan sa DCYF Constituent Relations (Mga Ugnayang Bumubuo ng DCYF) sa 1-800-723-4831 o sa email communications@dcyf.wa.gov.

DCYF PUBLICATION EL_0069 TA (05-2023) Tagalog



Washington State Department of
CHILDREN, YOUTH & FAMILIES